Ang Karanasan Ko Sa Saudi Arabia

Bro. Louie Cachero

Nagpapasalamat ako sa Panginoon at binigyan Niya ako ng pagkakataon na makapagtrabaho sa Saudi Arabia dahil doon ko nakilala ang Panginoon. Noong pangatlong taon ko na na nagtratrabaho doon ay may nag-alok ng Bible study sa aming grupo. Nag-bible study nga kami pero inabot lang ng mga tatlong buwan dahil panay debate ang nangyayari. Ang tagapanguna namin ay Jehova's Witness at noong huling Bible study naming ay sinabi niya sa amin, "Ang titigas ng ulo ninyo" at nagpagpag ng sapatos at iyon na ang huli naming na bible study.

Pagkaraan ng isang buwan ay may dumalo sa aming tirahan at nag-alok ng Bible study. Hindi namin siya kilala dahil taga main office namin siya assigned. Nakipagkilala muna kami at kung anong church siya kasapi. Siya ay si Bro. Lito at kasapi siya sa Wesleyan Church dito sa Pilipinas at siya ay eng'r. Noong gabi din iyon ay nagbible study na kami kaagad at doon na siya sa amin natulog. Ang main office namin ay sa Dammam, mga 240 km. Ang layo sa amin at doon ang home base niya. Kinabukasan ay umalis na siya at pupunta sa Hafar Albatin malapit nasa boundary ng Kuwait at mga 260 km. Ang layo sa amin at may Bible study din pala siya doon.

Ang weekend pala doon sa Saudi Arabia ay Huwebes at Beyernes. Nagpaptuloy na ang weekly na Bible study naming sa pangunguna niya. Dumadating siya ng Merkules ng gabi sa amin at iyon na din ang bible study namin at doon na siya natutulog sa amin. Kinabukasan Huwebes ay prayer meeting naming at after lunch ay umaalis na siya at pupunta naman sa Hafar Albatin para magbible study din sila ng gabi at doon na rin siya natutulog at kinabukasan ay Biyernes ay babalik na siya sa Dammam, mga 500 km. Ang layo ng biyahe niya. Madadaanan niya ang lugar naming dahil nasa half way kami pero deretso na siya. Ganito ang rota niya na weekly at underground ang bible study naming dahil bawal doon.

Isang gabi pagkatapos ng bible study naming ay pinuntahan niya ako sa kuwarto at tinanong niya ako kung gusto kong tanggapin ang Panginoon Jesus bilang Lord and Saviour at tinanggap ko nga ang Panginoon Jesus noong gabi na iyon. Inisaisa kami na umaatend sa bible study at ang alam ko ay tumanggap lahat.

May isa kami na kasama na sobra manigarilyo na kahit nga naliligo ay may nakasindi na sigarilyo. Kinausap siya ng Holy Spirit ayon sa 1 Cor. 6:19-20 ay nagpasya siyang sunugin lahat ng stock niya ng sigarilyo. Marami dahil galing pa dito sa Pilipinas dahil ayaw niya ng sigarilyo doon. Bigl nga niyang naitigil ang paninigarilyo at sa tulong nga ng Panginoon ay natigil nga niya ang paninigarilyo.

Noong dumating na ang aking bakasyon ay umuwi nga ako at nalaman ng aking kumare na Born Again na ako ay neregalohan niya ako ng bible dahil Protestant sila. Noong pabalik na ako sa Saudi ay nilagay ko na ang Bible na regalo sa aking bagahe para dalhin ko at may mabasa ako doon. Nagpadala din iyong Mrs. na kasama namin sa trabaho ng isang kahon Sabi niya ay wedding anniversary daw nila at personal gift niya daw iyon. Hindi ko na binuksan dahil personal na regalo daw niya.

Alam kong bawal ang Bible doon at napakahigpit sa airport. Bago ako umalis ng bahay ipinagpray ko na hindi Makita sa airport ang dala kong Bible. Noong nakasakay na ako ng eroplano ay ipinagpray ko ulit ang Bible.Noong malapit na kami sa Dhahran airport at unti-unti ng

bumababa ang Singapore Airline na sinasakyan ko ay ipinagpray ko uli na hindi makita ang bible at biglang sumakit ang ulo na parang sasabog. Tumagal din ng ilang minuto at nawala din.

Lumapag na nga ang eroplano at nagbabaan na kami hanggang sa makarating na ako sa inspection area. Ipinatong ko na ang bag ko sa mahabang lamesa at inilabas ko na lahat ng laman para ready for inspection. Nagpray ulit ako noong mga oras na yon hanggang sa ang inspector ay sa aking mga gamit na nagiinspection ay biglang lumingon ang inspector at tumingin sa malayo at ang tagal. Nainip nga ako tapos noong ibinaling na niya ang tingin sa mga gamit ko ay bigla niyang minarkahan ng okay ang aking bag. Ang ibig sabihin ay puwede ko nang ibalik ang lahat ng gamit sa bag at puwede na akong lumabas.

Lumabas na nga ako ng airport at sinalubong na nga ako ng aking mga kasama at ibinigay ko na ang mga padala sa kanila at bumeyahe na kami pauwi at madaling araw na kami dumating sa bahay dahil mga 240 km ang nilakbay namin. Noong umaga na iyon ay pumasok na ako sa trabaho at ibinigay ko na ang mga natirang padala pa.

Bago ako magbakasyon ay madalas naming kapaliwanagan sa Bible ang isang kasama naming sa trabaho na Iglesia Ni Kristo ni Manalo. Noong mga ilang araw na ako doon. Nakapaliwanagan uli naming ang kasama naming na ito at may dala siyang Bible kaya pinabasa namin sa kanya ang mga verses sa John kung sino ang Panginoong Jesus at siya ay Diyos at nagkatawan tao. Nagtaka ako kung saan galing ang Bible niya dahil hindi pa naman siya nagbakasyon kaya tinanong ko siya kung saan galling ang Bible niya at ang sagot niya ay dala mo. Iyon palang kahon na padala ng Mrs. niya ay Bible pala. Hindi ko alam dalawa pala ang dala kong Bible iyong biyahe kong iyon.

Nagpatuloy an gaming Bible study at nadagdagan ang bilang ng mga umaattend at nagmisyon din kami sa ibang katrabahoan namin na medyo malapit sa lugar naming.

Marami kaming karanasan doon na nagpapatunay ng kapangyarihan ng Diyos. Hanggang sa umuwi na kami for good.

Purihin ang Panginoon!